



Hulyo 2021

# PRAYMER

## Ang pagwawakas sa rehimeng Duterte

**H**uling taon na ng gobyernong Duterte, subalit hindi pa rin nakukuha ng mamamayan ang sensible, makatwiran at mahusay na paggogobyerno sa harap ng napakalalang krisis ng Pilipinas.

Nagdulot ng malubhang krisis pang-ekonomiya at panlipunan ang padaskol-daskol at palpak na pagtugon ng gobyernong Duterte sa COVID-19. Idinahilan pa ng rehimen ang pandemya para ipagtulakan ang mga patakarang pumapabor lamang sa negosyo ng mga lokal na oligarkiya sa ekonomiya at dayuhan. Napatunayan nang malupit at nakasasama sa mayorya ng mamamayan ang mga patakarang ito, subalit ito pa rin ang naging prayoridad ng pamahalaan.

May pansariling motibo na nakalakup sa pagiging maka-oligarkiya at maka-dayuhan si Duterte. Sa kabila ng malawakang kapabayaang at kawalan ng gobyernong nagmamalasakit, nakuha pa ngayon ng kanyang pangkatin na mag-maniobrang makapanatili sa poder.

Matingkad na ang nananatiling pag-asa ng mamamayan, ang liwanag sa dulo ng kadilimang ito, ay ang wakasan na ang pamamayagpag ni Duterte at ng kanyang mga kasapakat.

114 Timog Avenue,  
Quezon City,  
1103 Philippines

Tels. +63 2 8927 7060 to 61  
Fax +63 2 8929 2496

[www.ibon.org](http://www.ibon.org)



# 1 Gaano kapalpak ang tugon ng pamahalaan sa pandemya?

**Kapabayaang sa kalusugan.** Umabot na ang Pilipinas sa 1.49 milyong katao na nahawa ng *coronavirus*, pangalawa sa Indonesia sa Southeast Asia. Pumapangalawa rin ang Pilipinas pagdating sa bilang ng namatay. Sa pinakahuling datos, pang-apat ang Pilipinas sa abereyds na impeksyon kada isang linggo relatibo sa populasyon (o *7-day rolling average*).

Lumalabas na nakatatlong *waves* na tayo ng impeksyon – una noong ikalawang linggo ng Agosto 2020; pangalawa, bagama't panandalian, noong Enero sa pagbubukas ng bagong taon; at ikatlo nitong Abril nang inabot natin ang pinakamatataas na bilang ng kaso kada araw at ibinalik ng gobyerno ang National Capital Region (NCR) at karatig na mga rehiyon sa *enhanced community quarantine* (ECQ) tulad ng ginawa noong Marso 2020.

Ang mga *wave* na ito ay sa kabila ng pagpapatupad ng gobyernong Duterte ng iba-ibang tipo ng *community quarantines*, restriksyon, '*bubbles*' at kung ano-ano pang klase ng militaristang paghihigpit nang wala namang karampatan at aksyong medikal. Isa ang Pilipinas sa may pinakamatagal at pinaka-istrikong *lockdown* sa buong mundo, at hanggang ngayon ay nananatiling limitado ang ating paggalaw.

Nananatiling mataas ang *positivity rate* ng bansa na nasa 10.7% sa pinakahuling datos, gayong dapat 5% lang ito ayon sa World Health Organization (WHO) para luwagan ang mga restriksyon. Simple lang ang ibig sabihin nito – hindi sapat ang isinasagawang *testing* ng Department of Health (DOH).

Ang *positivity rate* ay ang porsyento ng positibong kaso sa pangkabuuang bilang ng isinagawang *tests*. Mahigit isa't kalahating taon na ang pandemya sa mundo, kulang-kulang 50,000 tests kada araw pa rin ang antas ng Pilipinas gayong kailangan nitong magsagawa ng mahigit 101,000 tests kada araw para maibaba ang *positivity rate* sa 5% na sinasabi ng WHO.

Ang sabi pa ng WHO, sa bawat isang kumpirmadong kaso, dapat may katumbas na 10 hanggang 30 tests para masabing sapat ang *testing*.

Noong Mayo 2020 lang lumampas sa 30 tests kada kumpirmadong kaso ang pamahalaan. Nagtapos ang 2020 na nasa 18.7 tests kada kaso ang kapasidad ng DOH, bumaba pa ito sa 8 tests kada kaso sa huling datos.

Lalong hindi mahusay na naisasagawa ang *contact tracing*. Ayon sa pinakahuling datos, ang *contact tracing ratio* ng bansa (bilang ng kontak na natukoy sa kada positibong kaso) ay napakababa sa 1:5. Kapos na kapos ito sa pamantayan ng WHO na 1:37 para sa kalunsuran at 1:30 para sa kanayunan para sana mahusay na napipigilan ang hawaan.

Umapaw ang mga pasilidad pangkalusugan, pangunahin dahil sa dati nang kakulangan, at pangalawa dahil hindi nakapagtalaga o nakapagpatayo ng sapat na *quarantine facilities* ang gobyerno. Ayon pa sa pinakahuling datos, 10 sa 17 rehiyon sa bansa ang nagtala ng sobra-sa-kapasidad na okupasyon ng nakatakdang COVID-19 *hospital beds*. Halos mapuno ang mga kama sa mga *temporary treatment and monitoring facilities* (TTMFs) na itinayo ng gobyerno. Sa lagay na iyan, marami pa sa mga nagpositibo at mino-monitor ay ayaw magparatay sa mga pasilidad na ito dahil kulang naman ang mga kagamitan at atensyong medikal.

Kung laban lang ng boksing ang pagtugon sa pandemya, masasabing maagang nawalan ng istrategiya at tibay ang gobyernong Duterte. Maaga pa ang laban noong umasa na lamang ito na sa dulo ay hindi siya magagapi ng *knockout*. Ganito ang naging pasukong aktitud ng pamahalaan sa bakuna – para sa pamahalaan, ang bakuna na lamang ang tanging pag-asa at solusyon sa pandemya. Pero maski sa usapin ng bakuna, naging kapos at mahina pa rin ang gobyernong Duterte.

Kailangang mabakunahan ng dalawang *doses* ang 70 milyong Pilipino (bale, 140 milyong doses) para makamit natin ang tinatawag na *herd immunity*, o kapag ang kalakhan ng mamamayan o ng ating mga komunidad ay hindi na tinatablan ng coronavirus. Buong kumpyansang dinedeklara ng pamahalaan na matatapos nito ang 70 milyong target sa pagtatapos ng 2021. Subalit 3.5 milyong katao pa lamang o 5% ang *fully vaccinated* o yaong mga kompleto na ng dalawang *doses* ang bakuna. Samakatuwid, kailangan pang iturok ang humigit-kumulang 134.2 milyong doses. Nasa 212,607 doses ang karaniwang naisasagawa bawat araw. Kung paniniwalaan ang pamahalaan na matatapos

ang pagbabakuna sa dulo ng 2021, dapat mapabilis nito sa 807,692 doses kada araw ang pagbabakuna. Malamang sa hindi, sa 2023 ang katapusan nito. Sa oras na iyon, marami na at mas nakamamatay na ang *variants* ng COVID-19 at mas mababa na ang bisa ng kasalukuyang bakuna.

Sadyang hindi pwedeng iasa na lamang sa bakuna ang pag-ampat sa pagkalat ng COVID-19, lalo pa at hindi naman mahusay na isinagawa ng pamahalaan ang reasonable at siyentipikong tugong medikal. Ang pagpupundar ng estado sa isang malakas at matibay na pampublikong sistemang pangkalusugan ang magtitiyak ng resistensya at kalusugan ng mamamayan. Ito ang mabisang paghahanda para sa laban, sa ordinaryong sakit man o pandemya.

Buong pagmamalaking inangkin pa ng gobyernong Duterte ang pagpasa sa *universal health care law*, na kung tutuusin naman ay pagsandig sa *insurance* sa kalusugan sa pamamagitan ng PhilHealth, sa halip na pagbibigay ng direktang serbisyo katulad ng pagpapatayo ng mga ospital at pangangalaga sa kagalingan ng mga manggawang pang-kalusugan. Noong dumating ang pandemya sa bansa, buong yabang pang binanggit ng gobyernong Duterte na hindi tayo masyadong maapektuhan dahil malakas ang pampublikong sistemang pangkalusugan ng bansa. Pero katulad ng nabanggit, hindi nakaagapay ang pamahalaan sa malawakang testing, contact tracing, pagkakaroon ng quarantine facilities, at iba pang tugon. Ultimo *face masks* at *face shields* nga ay kailangan pang angkatin.

Ang masahol, at siyang kahungkagan ng universal health care, napakaliit ng nakaulat na nakinabang sa PhilHealth. Ayon sa huling datos nitong Mayo 2021, mayroon lamang 20,602 *claims* ng mga pasyente ng COVID-19 na binayaran ng korporasyon, kompara sa 128,044 kabuuang claims para sa sakit mula 2020 hanggang Mayo 2021. May 27,413 claims na tinanggihan ng PhilHealth, habang ang iba ay prinoproseso pa lang.

Hindi maihambing ang mga bilang na ito sa aktwal na nagpa-ospital dahil sa COVID-19, dahil sa kawalan ng ganitong datos. Subalit mahalagang banggitin na ang karaniwang aktibong kaso kada araw ay naglalaro sa 50,000, at inabot din natin ang mahigit 200,000 aktibong kaso kada araw noong wave nitong Abril. Makikitang kakarampot pa rin ang pinangangalandakang paglawak ng

PhilHealth coverage. Hindi rin nakatutuwa na sa kasagsagan ng pandemya pa natin malalaman ang Php15-bilyong dambuhalang korupsiyon sa PhilHealth na kinasasangkutan ng mga opisyal nito, na hanggang ngayon ay walang resolusyon.

**Kawalan ng ayuda.** Ang ibang mga bansa, mayaman man o mahirap, ay nagsipagpatupad ng malawakang ayuda para sa kanilang mamamayan. Lohikal at siyentipiko ang tugon na ganito, dahil ito ang isa sa makasasalba o makasusustine sa mamamayan at ekonomiya sa panahon ng pandemya. Pero ang gobyernong Duterte, nagkuripot at nagdamot sa pag-ahon sa milyon-milyong pamilyang naapektuhan ng walang katwiran at siyensyang lockdown.

Barya-barya ang ayudang binigay sa milyon-milyong pamilya, manggagawa, magsasaka, at maliliit na negosyo. Pinakipot nang husto ng pamahalaan ang ispesipikong alokasyon para sa ayuda mula Php239.3 bilyon sa ilalim ng Bayanihan 1 tungong Php22.8 bilyon sa Bayanihan 2, hanggang kakarampot na Php18.4 bilyon na lamang sa pambansang badyet ngayong 2021.

Tinarget ng gobyerno ang 18 milyong mahihirap na pamilyang Pilipino nang mag-lockdown noong Marso 2020. Nang muli naman ipataw ang ECQ sa NCR at Bulacan, Cavite, Laguna at Rizal (tinawag na NCR+) noong Abril, naglaan ang administrasyon ng ayuda para sa 22 milyong indibidwal na lang.

Kapos na nga ang inilaan para sa pagtugon sa pandemya, hindi pa ito nagastos sa panahong kailangang-kailangan ang pagtugon. Kinailangan pang magkaroon ng ekstensyon ng paggastos. Ayon sa datos ng Department of Budget Management (DBM) sa katapusan ng Mayo 2021, sa Php393.6 kabuuang alokasyon ng Bayanihan 1 at ekstensyon nito, Php364.6 bilyon lamang ang obligado nang gastusin (*obligated*), pero Php346 bilyon lang ang naibigay o nabayaran (*disbursed*). Sa halagang disbursed, Php29 bilyon ang walang malinaw na aytem na pinaglalaanan, samantalang may Php18.7 bilyon pang hindi naibabayad sa mga takdang ahensya. Sa kabuuang Php47.6 bilyong maituturing na hindi pa nagagastos, kabilang diyan ang Php23.2 bilyong alokasyon para sa mga gastos na pang-ayuda ng Department of Social Work and Development (DSWD).

Sa kabilang banda, sa Php205.1-bilyong Bayanihan 2 at ekstensyon nito, Php187.8 bilyon lamang ang obligated at Php141.4 lamang ang disbursed. Sa halagang disbursed, Php63.7 bilyon ang maituturing na hindi pa nagagastos. Kabilang dito ang Php1.4 bilyong hindi pa nagagastos ng DSWD.

Samantala, sa pambansang badyet ngayong taon, may Php57.3 bilyong hindi pa nailalaan at nagagastos, na kalakhan ay para sa programang bakuna ng DOH. Kung pagsasama-samahin, nasa Php168.9 bilyon pa sa ilalim ng pinalawig at muli na namang nag-*expire* na Bayanihan 1 at 2 at sa 2021 badyet ang hindi pa nagagastos para sa pagtugon sa COVID-19.

Napakalaki pa ang mga halagang inilakip sa Bayanihan, tulad ng mga dagdag probisyon sa Department of National Defense (DND), suporta para sa mga *government-owned and controlled corporations* (GOCCs) at pautang na dadaan sa mga bangko ng pamahalaan, na hindi direktang tugon sa pandemya o ayuda sa mamamayan. Sa kabila nito, 36,091 lang na *micro, small and medium enterprises* (MSMEs) o maliliit na negosyante ang nakakuha ng pautang mula sa gobyerno, samantalang halos isang milyon ang kanilang bilang.

**Kawalan ng *economic stimulus*.** Itinulak ng Makabayan bloc sa Kongreso ang SHIELD Bill at ng ilang kongresista ang panukala para sa Bayanihan 3 bilang mga economic stimulus. Parehong naglalaan ng mahigit trilyong pisong pondo para kagyat na maalalayan ang sistemang pangkalusugan, maayudahan ang mamamayan, mabigyan ng subsidyo ang mga manggagawa, maisalba ang MSMEs, at maharap ang iba pang pangangailangan ng ekonomiya. Pero hindi ito itinuring na prayoridad ng mga kaalyado ni Duterte, maski ang Bayanihan 3 na isinulong ng mismong mga ka-kampo ng pangulo. Ni hindi ito nakasampa sa Senado bago mag-*adjourn* ang sesyon nitong Hunyo.

Sa huli, walang substansyal na inilaan ang gobyernong Duterte upang buhayin ang mamamayan at ekonomiya. Malinaw ito sa 2021 badyet kung saan ang itinaas nito na 9.9% mula sa 2020 badyet ay mas mababa pa sa 11.1% na taunang abereyds na pagtaas ng badyet mula 1987. Bahagya lamang tumaas ang badyet ng kalusugan sa Php221.1 bilyon, halos kapantay pa nito ang badyet para sa militar na Php207 bilyon. Sa kabila nito, may

Php1.1 trilyon para sa imprastruktura at pondong Php1.8 trilyon pambayad-utang.

Samantala, kapos ang badyet na Php2.5 bilyon para sa bakuna, gayong ang taya ay mangangailangan ang bansa ng Php82.5 bilyon para rito. May diumanong nakalaan na Php10 bilyon mula sa Bayanihan 2, habang ang kalakhang balanse na Php70 bilyon ay ipangungutang ng gobyernong Duterte.

Isa ang Pilipinas sa mga bansa sa Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) na may pinakakarampot na pagtugon sa COVID-19. Panlima ito sa 10 miyembro ng ASEAN sa usapin ng inilaan na badyet bilang bahagi ng *gross domestic product* (GDP) ayon sa Asian Development Bank (ADB). Brunei, Cambodia, Laos, Myanmar at Vietnam ang mga bansang naunahan ng Pilipinas. Ang Pilipinas din ang may pinakamahinang pang-ekonomiyang pagtugon sa hanay ng ASEAN sa kabila ng pagmamalaki ng mga *credit rating agencies* na malakas ang bansa sa usaping pinansya. Hindi maitatangi, kahit pa mag-memo ang Malacañang sa kanyang *news agency* na pagandahin ang imahe ng bansa sa pamamagitan ng paghabi ng kasinungalingan, ang Pilipinas ay isa sa mga may pinakamahihinang pagtugon sa kalusugan sa buong mundo – pang-65 ito sa 91 bansa.

## **2 Gaano kalala ang krisis pang-ekonomiya na dulot ng kapalpakang ito?**

**Gumuho ang ekonomiya sa antas na hindi pa nakita sa naitalang kasaysayan.** Tuloy-tuloy na negatibo ang paggalaw ng GDP, mula -0.7% noong unang kwarto ng 2020; -17% noong pangalawang kwarto; -11.6% noong pangatlong kwarto; -8.3% noong huling kwarto ng 2020; at -4.2% sa unang kwarto ng 2021. Limang kwartong sunod-sunod na pag-urong ng GDP ang ating nasaksihan. Nangyari na ito sa ilalim ng diktadurang Marcos – 9 kwarto, mula huling kwarto ng 1983 hanggang huling kwarto ng 1985 bago ang panahon ng People Power. Mas mahaba noon, pero hindi kasing-tarik ang pagbulusok noon (sa abereyds ay -6.5% kada kwarto) sa nasasaksihan natin sa panahon ng pandemya (sa abereyds na -8.4% kada kwarto).



Gumuho ang mga inaasahang sektor ng pamahalaan – ang konstruksyon (-24.2%), ang *real estate and ownership of dwellings* (-13.2%), at ang iba pang serbisyo (-38.0%). Samantala, lumago sa panahong ito ang *financial and insurance activities* (5.2%), *public administration and defense, and compulsory social activities* (7.5%), at *human health and social work activities* (11.7%). Lumago rin ang *information and communication at electricity, steam, water and waste management*.

Lumiit din ang palagiang inaasahan ng gobyerno na remitans ng mga migranteng manggagawa (*OFW remittances*) bilang salbabida ng ekonomiyang nakaasa sa imported, dayuhang pamumuhunan at dayuhang pautang – o sa madaling salita, sa dolyar. Mula US\$30.1 bilyon noong 2019, bumaba ang remitans sa US\$29.9 bilyon sa 2020. Hindi biro ang bilang ng mga OFW na nawalan ng trabaho at nag-uwian. Nag-negatibo rin ang paglago ng kita ng mga *business process outsourcing* o BPOs nang 0.4% noong 2020 sa kauna-unahang pagkakataon sa loob ng dalawang dekada na sobrang pag-asa ng pamahalaan sa sektor na ito.

Sa totoo lang, sa huling tatlong taon bago magpandemya, bumabagal na ang paglago ng OFW remittances (4.3% noong 2017, 3.1% sa 2018 at 4.1% nitong 2019). Matingkad naman ang pagnegatibo ng kita ng BPOs nitong 2020 matapos ang panatag na paglago (2.2% noong 2017, 4.7% sa 2018, at 7.3% nitong 2019). Ito ang ilan sa mga dahilan ng desperadong pagbaling ng gobyernong Duterte sa Philippine Offshore Gaming Operators o POGOs, mga pasugalan na kalakhan ay hawak ng mga korporasyon at indibidwal galing China. Pero kakarampot lang din ang kontribusyon ng POGOs sa dayuhang pamumuhunan, buwis at empleyo, bukod pa sa napaka-anti-sosyal naman ang oryentasyon nito.

Patuloy naman ang pagdausdos ng mahahalagang sektor ng agrikultura at manupaktura, na matagal nang pinabayaan ng pamahalaan. Bago pa man magpandemya, lugmok na ang mga sektor na ito, na siya sanang magsusuplay ng ating mga pangangailangan at makalilikha ng makabuluhang trabaho. Pero manipis na ang bahagi ng dalawang sektor na ito sa GDP – 10.2% na lang ang agrikultura at 18.6% na lang ang manupaktura, palatandaan ng sadyang pagpapabaya sa mga sektor ng produksyon at dimakatwirang pagtuon ng ekonomiya sa pagseserbisyo.

Sa unang kwarto ng 2021, lumago nang 0.5% ang manupaktura. Maituturing itong sisinghap-singhap dahil sa sunod-sunod na pag-urong mula sa una hanggang huling kwarto ng 2020. Sa manupaktura ng *computer, electronics, and optical products* may naitalang positibo, na maaaring pansamantalang dulot ng sumipang *demand* sa mga kagamitang pang-*online* sa panahon ng pandemya.

Sa kabilang banda, -1.2% ang naitalang paglago ng agrikultura at pangingsda. Pangalawang kwarto nang negatibo ang sektor, na napansing kahit papaano ay may positibong paglago sa dalawang kwarto ng 2020. Malaking kaswalti sa panahong ito ang industriya ng baboy – bumagsak ang imbentaryo nang 24.1% dulot ng kapalpakan din ng Department of Agriculture (DA) na pigilan ang pagkalat ng African Swine Fever (ASF). Gayunpaman, reyalidad ng agrikultura ang pagiging atrasado nito at ang kanyang kronikong krisis.

Positibong umaasa ang *economic managers* ng administrasyon na kayang abutin ang 6.0-7.0% na paglago ng ekonomiya sa 2021, hangga't gumugulong daw ang pagbabakuna at unti-unting binubuksan ang ekonomiya. Palagiang pahayag nila na dahil sa mga wastong hakbang ng pamahalaan na nakalikha ng *strong economic fundamentals* bago pa magpandemya ay natitiyak ngayon ang rekoberi.

Suntok sa buwan ito. Sa sunod-sunod na negatibong paglago, para maabot ang ambisyon ng economic managers, ibig sabihin kailangan ng 11% na paglago sa pangalawang kwarto at sustenidong 10.3% na paglago sa huling dalawang kwarto ng 2021. Nanggagaling tayo sa sunod-sunod na negatibo, -4.2% ang unang kwarto ng taon.

Nagbaba rin ng kanilang mga *forecast* sa paglago ng GDP ng Pilipinas para sa taong 2021 ang karamihan ng mga multilateral na institusyong nagpapautang – mula 5.9% tungong 4.7% para sa World Bank nitong Enero 2021, at mula 6.5% tungong 4.5% para sa ADB. Bahagyang nagtaas naman ng forecast ang International Monetary Fund (IMF) mula 6.6% noong Enero 2021 tungong 6.9% nitong Abril.

Ang mas malalim na problema, ang “strong economic fundamentals” na binabanggit ng pamahalaan ay walang kinalaman sa pagpapalakas ng lokal na

produksyon, manupaktura at agrikultura, kundi sa pagpapakahusay lamang ng ekonomiya sa pag-akit ng dayuhang pamumuhunan at pag-engganyo sa malalaking negosyante. Magkagayunman tatlong taong sunod-sunod nang bumababa ang netong dayuhang pamumuhunan, simula US\$10.3 bilyon noong 2017, paliit nang paliit ito tungong US\$9.9 bilyon noong 2018, US\$8.7 bilyon noong 2019, at US\$6.5 bilyon noong 2020. Ang totoo, at mas pundamental na usapin, bago pa man magpandemya, tatlong taon nang sunod-sunod na bumabagal at dumadausdos ang ampaw na ekonomiya.

Hindi pa rin maitatangi, na maski dati nang umiiral ang problema sa ekonomiya, pinalala ito ng kapabayaang ng gobyernong Duterte sa pandemya. Sa 10 bansang ASEAN, ang Pilipinas ay may pinakamalalang kontraksyon ng GDP noong 2020, at siya pa rin ang kulelat sa 6 na bansang may datos na noong unang kwarto ng 2021. Ang Vietnam at Singapore nga ay nagpositibo na ang paglago ng GDP.

Ipinamumukha ng gobyernong Duterte na hati ito sa pagpili sa pagitan ng kalusugan at kabuhayan, at napakasakit pumili sa dalawa pero isinagawa raw nito ang mahirap na desisyong piliin ang kalusugan. May paiyak-iyak pa si Duterte. Pero mali na pagpilian ang dalawa – maaari namang harapin nang sabay ang dalawa katulad ng ginawa ng Thailand at Vietnam. At hindi rin totoo na pinili nga ng gobyernong Duterte ang kalusugan – militaristang lockdown, marahas at napakatagal, ang ipinatupad nito at trinato ang mamamayan na siyang kaaway. Ang walang katwirang lockdown ang naging dahilan sa pinakamalalang pagguho ng ekonomiya.

**Sumisingaw ang krisis pang-ekonomiya sa malawakang krisis sa trabaho.** Batayan at matagalan na ring krisis ito ng Pilipinas, pero pinalala rin ng kapabayaang ng gobyernong Duterte sa pagtugon sa pandemya. Ang Pilipinas ang may pinakamataas na tantos ng kawalan ng trabaho sa 6 na miyembro ng ASEAN na may datos. Sa militaristang lockdown at pagdadamo ng ayuda sa mayoryang mahirap, nagsara ang mga negosyo, pagawaan at tindahan, nalugi ang kalakhang maliliit na MSMEs, tumigil ang transportasyon, at lumala ang kawalan ng kita at kabuhayan ng masang anakpawis.

Pinalitan ng pamahalaan ang dalas ng paglalabas ng estadistika ng empleyo – ginawang buwanan, kung kaya't may kahirapan sa ngayon ang

paghahambing sa panahon bago magpandemya. Sa opisyal na datos nitong Mayo, sinasabing lumiit ang bilang ng walang trabaho, pero kompara lamang sa buwan ng Abril. Para bang sa buwanang pag-monitor ay mareresolba ng gobyerno ang malawakan at matagalang kawalan ng trabaho.

Gayunpaman, ang 3.7 milyong bilang ng walang trabaho ngayong Mayo ay mas mataas pa rin ng 1.3 milyon kaysa noong Enero 2020 bago magpandemya, ayon sa Labor Force Survey ng Philippine Statistics Authority (PSA). Nadagdagan ng 3.5 milyon ang lakas-paggawa, o bilang ng mga Pilipinong edad 15 pataas na lumalahok sa produksyon ng ekonomiya, pero 2.2 milyon lang ang itinaas ng empleyo.

Lumala rin ang kalidad ng trabahong nalilikha o nahahanap. Kapansin-pansin ang pagtaas ng di-pormal na sariling empleyo, laluna ang mga trabahong 'sariling diskarte' o mga kabuhayang 'ginawan ng paraan'.

Nabawasan ng 131,000 ang bilang ng manggagawang sahurang, marahil dahil sa 711,000 pagbagsak ng bilang ng nagtratrabaho sa mga pribadong kompanya dulot ng pagsasara o tanggalan ng mga MSMEs. Dumami ang bilang ng mga dumidiskarte na lamang para mabuhay: nadagdagan ng 1.6 milyon ang bilang ng *self-employed* na walang pinapasahod at dumami rin ng halos isang milyon ang *unpaid family workers*. Pero nabawasan ng 241,000 tungong 761,000 ang mga *employers* sa sarili nilang bukirin o negosyo na pinapatakbo ng kanilang mga pamilya.

Lumobo ng 3.2 milyon tungong 16.7 milyon ang mga nagtatrabaho nang *part-time* at nabawasan ng 1.3 milyon ang mga nagtatrabaho nang *full-time*. Lumaki rin ng 273,000 tungong 606,000 ang mga tinatawag na "*with a job, not at work*". Lumaki ang bilang ng empleyo sa *wholesale and retail trade* at agrikultura, habang nadagdagan ng mga manggagawang part-time ang sektor ng kalakalan at agrikultura. At dahil nabanggit na natin sa simula na gumuho ang mga sektor na ito sa GDP, mahihinuha na dumarami ang mga manggagawang napipilitang pumasok sa trabahong iregular at mababa ang sahod.

**Malaking dagok ng lockdown sa mga maliliit na negosyo, na siyang kalakhan sa atrasadong ekonomiya ng Pilipinas.** Noong 2020, sa bawat

100 MSMEs, halos 90 ang bumaba ang benta; 40-50 ang pansamantalang nagsara; 10-15 ang malamang permanenteng nagsara.

May 995,745 MSMEs sa bansa. Tinataya ng Department of Trade and Industry (DTI) na 62.4% ng pangkabuuang empleyo sa bansa ay nasa MSMEs, o 27.9 milyon sa kasalukuyang bilang. Ayon sa Department of Labor and Employment (DOLE), mayroong 1.1 milyong manggagawa ang *displaced* at apektado mula sa 28,412 empresang nakalapan ng DOLE ng ulat mula Enero-Mayo 2021. Medyo konserbatibo ang bilang na ito, sapagkat kaunting MSMEs lang naman ang nag-ulat.

Sa panahong nabanggit, sa bawat 100 MSMEs, 46 ang nagpataw ng *flexible work arrangements* at mahigit 52 ang pansamantalang nagsara. Sa bawat 100 MSMEs, 45 ang nagbawas ng tauhan at 55 ang permanenteng nagsara.

Sa survey naman ng DTI, nakitang 10% ng MSMEs ang nananatiling nakasara nitong Hunyo; 54% ang nag-ulat na bumagsak ang kanilang kita; at tinatayang umaabot sa 1.4 milyon ang apektadong manggagawa.

Pinapakita lang ng malalaking bilang na ito na dapat talagang naging prayoridad ng pamahalaan ang pagsalba sa mga MSMEs, ang pagbibigay suporta at subsidyo sa kanila, at pagprotekta sa kanila laban sa mga dambuhalang negosyo sa pamamagitan ng mga paborableng patakaran. Pero sa kabila ng kanilang dami at kontribusyon sa ekonomiya at paggawa, kakarampot lang ang ipinaabot ng gobyernong Duterte sa mga MSMEs sa panahon ng pandemya.

**Tinulak ng kapabayaang ito ang mayorya sa atin sa mas malalim na gutom at kahirapan.** Mismong ang Philippine Institute for Development Studies (PIDS) ng gobyerno ang nagsabi noong Agosto 2020 na kung liliit nang 10% ang kita ng mga Pilipino dahil sa pandemya, maaaring madagdagan ng 1.5 milyon ang bilang ng mahirap. Kung wala raw ayuda at suporta para sa maliliit na negosyo, maaaring umakyat pa sa 5.5 milyon ang madaragdag sa bilang ng mahirap.

Ayon naman sa datos ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), may tatlong milyong sambahayan ang nalimas ang ipon. Sa taya ng IBON, batay sa binabanggit ng BSP, may 17.8 milyong Pilipino ang walang ipon sa simula pa lang ng pandemya. Sinabi naman ng National Economic and Development Authority (NEDA) na 27.6 milyong Pilipino ang nakaranas ng gutom sa pandemya. Mahigit anim sa 10 Pilipino ang nakaranas ng katamtaman hanggang malalang gutom, ayon naman sa pinakahuling sarbey ng Food and Nutrition Research Institute (FNRI).

Tandaan lang na ang mga sinasabi ng economic managers ay nakabatay sa napakababang pamantayan ng kahirapan. Pinalala ng pandemya ang laganap at kronikong kahirapan, na sa kabilang banda ay matagal nang pinagtatakpan ng pamahalaan. Ayon sa pamahalaan, kailangan ng isang tao ng Php71 lang kada araw o ng isang pamilyang may limang miyembro ng Php10,756 para hindi matawag na mahirap. Kung tutuusin kung ganon, higit pa sa bilang ng gobyerno na 17.7 milyong pilipino ang tunay na bilang ng mahirap. Hindi kataka-taka na sa pagbibigay ng ayuda, minaliit ng gobyernong Duterte ang problema ng kahirapan at ang paglala nito – parehas sa usapin ng bilang ng mahirap at sa usapin ng kung magkano dapat ang ayuda. Ang masahol, mas kakarampot pa nga ang iniabot na ayuda kompara sa sarili nitong sobrang-babang pamantayan na Php71 kada araw.

Hindi rin nag-abala ang gobyernong Duterte na magbigay ng substansyal na suporta sa sahod sa mga apektadong manggagawa, hindi katulad ng ginawa ng mga gobyerno ng ilang bansa. Kung susundan ang taya sa nakabubuhay na sahod o *family living wage* (FLW) sa NCR na Php1,061 kada araw o Php27,586 kada buwan, ito sana ang binigay ng DOLE na *wage subsidy* sa mga manggagawa. Pero umabot lang ng Php5,000 kada buwan ang ibinigay ng DOLE, at napakakaunti lang ng bilang ng manggagawa na nabigyan, laluna at may pagkiling ito sa mga empleyo ng pormal at malalaking empresa.

Ang layo ng FLW sa nominal na minimum na sahod na Php537 kada araw sa NCR. Pero hindi man lang pinakinggan ang kahilingan ng organisadong paggawa na magbigay ng sapat na ayuda at wage subsidy sa nagigipit na mga manggagawa. Ayon sa huling Family Income and Expenditure Survey (FIES), 48% ng pamilyang Pilipino ang ipinagkakasya ang kulang-kulang Php22,000 kada buwan para mabuhay.

Mistulang delubyo ang pandemya sa mahirap nang sumabay pa ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin sa gitna ng pagkawala ng kita at kabuhayan at pagkakaroon ng walang-pusong gobyerno. Nagmahalan ang presyo ng bilihin, pangunahin pa ang pagkain. Nagsunuran naman ang upa, tubig, kuryente, langis, gas at iba pang langis. Kasagsagan ito noong huling kwarto ng 2020, pero makikitang mas mataas ang abereyds na *inflation* nitong unang anim na buwan ng 2021 (4.4%) kaysa noong unang kalahati ng 2020 (2.5%).

Ang mabigat sa inflation ay di-hamak na mas masakit ito para sa 30% ng pinakamahihirap na sambahayan. Halimbawa, 4.1% ang inflation ngayon Hunyo sa pangkalahatan, pero 4.3% ito para sa mahirap.

**Walang serbisyong panlipunan.** Sa panahon ng kagipitan, pandemya man o kalamidad, natural man o di-inaasahang dulot ng patakarán o sistema, mahalaga sa mamamayan ang inaasahang tibay sana ng mga programa ng pamahalaan. Subalit naging tampok sa kinaharap nating pandemya ang kawalan ng serbisyong panlipunan.

May 6.7 milyong *backlog* sa pabahay, pero nakuha pa rin ng pamahalaan na magsagawa ng demolisyon ng mga maralita kahit sa kasagsagan ng pandemya. Ayon sa Alyansa Kontra Demolisyon, may 50,000 pamilya ang binabantaan pang mademolis sa Metro Manila kahit sa gitna ng paghihigpit sa lockdown at diumanong *social distancing*.

Nanatili namang mataas ang singilin sa mga ospital, na karamihan ay pribado. Sa kabila ng pag-asa ng gobyerno sa insurance sa halip na totoong serbisyo, mas malaki pa rin ang ginastos ng mamamayan para sa serbisyong medikal. Nagmula sa sariling bulsa ng mamamayang Pilipino ang 47.9% ng kabuuang *health expenditure* ayon sa Philippine National Health Accounts (PNHA) noong 2019. Mas malaki ito kompara sa 42.0% na bahagi ng gobyerno sa pangkabuuang gastos para sa kalusugan noon.

Isa rin sa mga nagpabigat sa mga pamilya sa panahon ng pandemya ang *online education* o *distance learning*. Nangalahati ang *enrolment* sa *private schools* (4.3 milyon tungong 2.2 milyon), samantalang bahagya lang na nadagdagan ang sa pampublikong paaralan (22.6 milyon tungong 22.8 milyon). Sa Kinder hanggang Grade 12, nabawasan ng 2.8 milyon ang nag-

enrol nitong school year (SY) 2020-2021 mula noong SY 2019-2020. Milyon-milyong kabataan din ang hindi nakapagpatuloy sa pag-aaral – sa 8.3 milyong estudyante sa *junior high school* noong SY 2018-2019, 36% na lang ang nakapag-enrol sa *senior high school* noong SY 2019-2020

Ayon sarbey ng Movement for Safe, Equitable, Quality and Relevant Education (SEQuRe), kabilang sa mga kabiguan ng distance learning sa unang hati ng SY 2020-2021 ang iba-ibang antas ng koneksyon sa *Internet*, akses sa modyul, gabay ng magulang, treyning sa mga guro, at mga usapin ng kalusugan at kaligtasan. Tingin ng SEQuRe, hindi hustong napaghandaan ng pamahalaan ang buong programa ng distance education at nagdulot na ito ng mental, pisikal, at pang-ekonomiyang pasanin sa mga guro, magulang, at estudyante.

### **3 Sa halip, ano-ano ang inatupag ipatupad na mga patakaran ng gobyernong Duterte?**

Sa gitna ng pandemya at pagdurusa ng milyon-milyong Pilipino, inuna ng gobyernong Duterte ang pagprotekta at pagsuporta sa malalaking lokal at dayuhang korporasyon.

Mas pinili ng mga economic managers ng administrasyong Duterte ang pagsalba sa imahe ng bansa sa mga nagpapautang at ang pagmantini ng tinatawag na *creditworthiness*, isang sukatan na karapat-dapat pang pautangin ang Pilipinas. Sa halip na paglaanan ng pondo ang pagpigil sa COVID-19 at pagpapalakas sa konsumo ng mamamayan, nahumaling ito sa pagpapaganda sa bansa para maging kaakit-akit pa sa dayuhang pamumuhunan. Sa gitna ng emerhensya sa kalusugan at ekonomiya, nagtulak pa ang administrasyon na maisakatuparan ang Charter change (Cha-cha) upang buksan ang mga natitirang sektor ng ekonomiya sa 100% dayuhang pagmamay-ari.

Inuna rin ng gobyernong Duterte ang pagtutulak sa mga naantalang proyekto sa imprastruktura kaysa mga proyekto sa kalusugan at agrikultura o produksyon ng pagkain. Inuna rin nito ang pagbabawas ng bayaring buwis sa kita ng malalaking korporasyon (*corporate income tax*) nang sa gayon daw ay patuloy silang masigla sa pamumuhunan sa ekonomiya, sa halip na isalba ang mga MSMEs at mga manggagawa at bawasan ang regresibong buwis na kanilang



binabayaran maski walang kita at kabuhayan. At higit sa lahat, inuna ng gobyernong Duterte ang pagbibigay pabor sa mga dayuhang bansa, laluna ang China at US, sa halip na igiit ang soberanya at teritoryo ng bansa at maipagtanggol ang mga magsasaka, manggingisda, manggagawa at maliliit na negosyante.

**Pangungutang.** Lumobo na sa Php11.1 trilyon ang kabuuang utang ng pamahalaan nitong Mayo 2021. Niratrat ng gobyernong Duterte ang pangungutang mula sa dagdag na pangungutang na Php1 trilyon noong 2019 tungong Php2.7 trilyon noong 2020. Mas mataas na ang kabuuang utang sa Php8.9 trilyon noong nakaraang taon lang, at mas malaki nang 88.1% kaysa sa Php5.9 trilyon noong Mayo 2016.

Naging matakaw sa utang ang kasalukuyang administrasyon dahil gusto nitong suportahan ang ambisyosong programa nito sa imprastruktura, ang Build Build Build (BBB). Ginagamit din ang malakihang pangungutang para tustusan ang higit pang pangungutang, at nang sa gayon, upang pamurahin ang pinansya para sa malalaking korporasyon.

**Pagbubuyangyang sa dayuhang pamumuhunan.** Katulad ng nabanggit, tuloy-tuloy na bumababa ang dayuhang pamumuhunan sa Pilipinas, isang kalakaran na mao-oberbahan sa buong mundo dahil na rin sa nagtatagal na pandaigdigang krisis na pinalala ng pandemya. Sa katunayan, ang ibang bansa ay nagbalik na ng mga restriksyon at binawi na ang ilang patakarang neoliberal upang protektahan ang kanilang mga sariling ekonomiya. Pero ang gobyernong Duterte, saliwa ang direksyon – kaya raw konti lang ang dayuhang pamumuhunan ay dahil masyadong sarado ang Pilipinas. Dapat daw ibuyangyang ng gobyerno ang ekonomiya para sa dayuhang pamumuhunan.

Noong niratsada ng Kongreso ang Cha-cha, idinahilan ng mga kaalyado ni Duterte ang pandemya, kesyo mabilis daw tayong makaka-rekober sa COVID-19 kung tuluyan nang buksan ang mga natitirang sektor sa dayuhang pamumuhunan at kontrol. Ito ang edukasyon, *media and advertising*, pampublikong lupain at likas yaman, pampublikong yutiliti, at ilan pang piling negosyo.

Malamig ang Senado sa Cha-cha. Bukod sa matrabaho na maipasa ito para sa plebisito ng 2022 Eleksyon, mayroon naman na rin daw mga panukala na magbubukas sa ekonomiya sa dayuhang kontrol. Bukod sa Cha-cha, nakapila para ipasa ng Senado ang mga *amendments* sa Public Services Act (PSA), Foreign Investments Act, at Retail Trade Liberalization Act. Kabilang ang mga ito sa mga itinutulak ng Malacañang para mang-akit ng dayuhang pamumuhunan.

Sa PSA amendments, papahintulutang buong-buong ariin ng mga dayuhan ang *public services*, kasama ang transportasyon at telekomunikasyon. Samantala, tinatawag na *public utility* ang tubig at kuryente na hindi diumano kasama bilang public services, pero matagal naman nang kontrolado ng dayuhan ang mga ito. Sa Foreign Investments Act amendments naman, papahintulutan ang mga dayuhang empleyado at pabababain ang bilang ng lokal na empleyado sa mga dayuhang kompanya sa bansa. Sa amendments naman ng Retail Trade Liberalization Act, pabababain ang kapital na kailangan para sa pagtatayo ng dayuhang korporasyon sa pagtitingi sa Pilipinas. Makikitang ito na ang mga huling hibla ng proteksyon ng lokal na ekonomiya.

**Walang katuturang BBB.** Sa kabila ng pangangalandakan ng gobyernong Duterte sa BBB, liberalisasyon ng dayuhang pamumuhunan, at paglalaan ng tumatagiting na Php1 trilyon sa 2021 badyet para rito, 11 proyekto pa lang ang tapos sa ngayon. Mayroon pa raw nakikinitang matatapos na 29 na proyekto sa dulo ng termino ni Duterte – bale 40 proyekto na kabilang sa pinahabang listahan ng *infrastructure flagship projects* (IFPs). Nagsimula ang administrasyon na may 75 IFPs noong 2017 at naging 112 IFPs na nitong 2021. Karamihan sa tantyang matatapos ay idinagdag na lang ngayon, para magmukhang nakatapos naman kahit papaano.

Noong nagsisimula pa lang si Duterte, buong pagmamalaki niyang sinabi na, di-tulad ng sinundang administrasyong Aquino, aktibong mamumuhunan ang gobyerno. Ang administrasyong Aquino kasi ay sumandig sa *public-private partnership* (PPP) bilang iskema ng pagpapalitaw ng pondo para sa imprastruktura. Pero ngayon, makikita nating ang gobyernong Duterte ay sumandig kapwa sa utang at sa PPP. Mahigit kalahati (56%) ng kabuuang Php4.7 trilyong halaga ng BBB ay mula sa *official development assistance* (ODA), utang ang kalakhan. Mayroon nang 20 *unsolicited* PPPs na dating wala, na bumubuo ng 32% ng kabuuang halaga ng BBB. Samakatuwid, puros utang

at pribadong kapital lang naman pala ang kinahinatnan ng imprastruktura, na babayaran ng taumbayan sa kanilang mga pasaning buwis at matataas na kalaunang *user-fees* o bayad sa paggamit ng imprastruktura.

Problemado pa kung tutuusin ang unsolicited PPPs, dahil nasa kapritso ng mga pribadong korporasyon ang mag-isip, magpanukala at magsagawa ng mga proyekto, at hindi natin kontrolado ang usapin ng kaunlaran. Nawawala rin ang aninaw o *transparency* at kompetisyon sa mga proyekto para sa kagalangan ng publiko.

Higit sa lahat, hindi nagdudulot ng katuturan at benepisyong sa mayorya ng mamamayan ang BBB. Laluna sa panahon ng pandemya, mas kailangan ng taumbayan ang mga pasilidad para sa kalusugan, imprastruktura para sa agrikultura at produksyon, at iba pang serbisyong panlipunan at pang-ekonomiya. Pero ang pinakamarami sa bagong-rebisang listahan ng 112 IFPs ay para pa rin sa transportasyon at mobilidad – 76 sa 112 proyekto – na kapaki-pakinabang at kaakit-akit sa mga korporasyon ng real estate at konstruksyon, malalaking negosyo ng kalakalan, turismo at pagbabahe, at dayuhang pamumuhunan sa pangkalahatan.

**Pagpapagaan para sa mga korporasyon.** Kasagsagan din ng lockdown at pandemya noong ipinasa ang Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises (CREATE), ang part 2 ng kontrobersyal na buwis ng TRAIN Law na ipinataw sa ating mga ordinaryong konsumer. Batay sa datos ng Department of Finance (DOF), magrerresulta sa 25% pagbaba ng direktang buwis at 29% pagtaas ng buwis sa konsumo kapwa ang TRAIN at CREATE mula 2019 hanggang 2022. Ito na ang pinaka-regresibo at kontra-mahirap na pagbubuwis sa ating kasaysayan.

Pabuya sa negosyo at labag sa interes ng mamamayan ang mga patakarang pagbubuwis na ipinatupad ng gobyernong Duterte. Binawasan ang corporate income tax sa ilalim ng CREATE na naging batas nitong Marso 2021. Hahantong ito ngayong taon sa mahigit Php133 bilyong potensyal na kita sana ng pamahalaan na mananatili sa bulsa ng mga kompanya. Mula 2021-2031, aabot ito ng Php1 trilyon, at 60% nito ay sa pinakamalalaki't dayuhang kompanya mapupunta. Kahit pa 10% ang bawas sa babayaran ng MSMEs at 5% lamang ang sa malalaking kompanya, 60% ng benepisyong ay sa

malalaking kompanya pa rin mapupunta samantalang 40% lang ang mapupunta sa iilang MSMEs na pormal na nakarehistro.

Naipasa rin bilang batas ang Financial Institutions Strategic Transfer (FIST) Act noong Pebrero 2021 para umano matulungan ang mga bangko at *financial institutions* (FIs) na ilagak ang kanilang mga *assets* at pautang na hindi gumagalaw sa mga FIST Corporations (FISTC). Binibigyan nito ang mga bangko at FIs ng insentiba, eksempsyon sa buwis, at mga pribilehiyo.

Habang mahalaga ang layuning isalba sa pagkalugi ang mga korporasyon, malaking tanong kung matutulungan ba nito ang mga nagsara nang MSMEs at mabibigyang prayoridad ang sektor ng agrikultura? O katulad ba ng CREATE ay mas pakikinabangan lamang ang FIST Act ng malalaking kompanya?

Halos ito rin ang tanong sa nakasalang pa sa Senado na Government and Financial Institutions Unified Initiatives to Distressed Enterprises for Economic Recovery o GUIDE Bill. Nilalayan naman nitong maayudahan ang mga *strategically important corporations* (SIC) na apektado ng pandemya. Pero may panganib na maisantabi ang ibang tunay na mahahalagang sektor, laluna yung mga nasa produksyon, serbisyong panlipunan, at public utility. Ayon halimbawa sa inisyal na tanaw ng Land Bank of the Philippines (LBP) na isa sa mga mangangasiwa ng pagsuporta sa mga kompanya, ang nakikinita nitong papasa para sa GUIDE ay nasa turismo, *retail trade, transportation and logistics, energy*, konstruksyon, *food and beverage*, at *healthcare industries*, habang walang pagbanggit sa agrikultura at manupaktura.

**Higit pang neoliberalismo.** Samantala, ipinasa ni Duterte ang Executive Order (EO) 130 para buksan muli ang malakihang pagmimina. Tinanggal nito ang dating ban sa mga bagong aplikasyon para sa pagmimina na ipinataw noong panahon ni Noynoy Aquino para ma-kompyut diumano ng pamahalaan ang tamang pagbubuwis sa minahan. Pero kahit walang malinaw na kapakinabangan mula sa pagmimina, tinulak pa rin ng gobyernong Duterte ang EO 130.

Lalo lang pinalalawig ang disaster sa komunidad, kabuhayan at kalikasan, laluna sa mga katutubo, na iniwan ng masahol na Philippine Mining Act of 1995. Imbes na magsilbi sa industriyalisasyon ng Pilipinas, sinusuplayan lang natin ng

mineral ang mga industriya ng bakal ng ibang bansa tulad ng China, Japan, South Korea, at Taiwan. Samantala, napakaliit ng napapala ng Pilipinas sa pagmimina laluna sa usapin ng empleyo – 0.49% mula 2001-2020, at bahagi sa ekonomiya sa parehong panahon (1.02%). Ito’y sa kabila ng paglobo ng produksyon sa loob ng 20 taon.

Samantala, mabilis pa sa alas-kwatro ang pagkakapasa sa Kongreso ng bagong prangkisa para sa Maynilad at Manila Water. Hindi man lang umabot sa matinong konsultasyon sa publiko. May bago nang 15-taong konsesyon ang dalawang dambuhalang korporasyon sa tubig, na magpapatuloy sa pribatisasyon ng tubig habang hindi pa nareresolbahan ang mga reklamo ng konsyumer katulad ng mataas na singilin, maruming tubig at kawalan ng akses at tubig mismo. Samantala, dumarami ang mga *local water districts* na ipinapasok ng mga lokal na gobyerno sa *joint venture agreements* (JVA) sa mga pribadong kompanya ng tubig.

Bukod sa pagkiling sa dayuhang pamumuhunan at pribadong negosyo, ipinamalas din ng gobyernong Duterte ang pagpabor sa imported na produkto at mga kartel sa kalakalan. Matindi ang ginawa nitong liberalisasyon ng importasyon ng bigas, at ramdam na ng mga magsasaka ang epekto nito sa kanilang kabuhayan sa loob pa lang ng dalawang taon ng Rice Tariffication Law. Pero hindi natinag ang gobyernong Duterte – isinunod nito ang pagpapalawig ng liberalisasyon ng importasyon ng baboy, na katulad ng sa bigas ay komitment sa ilalim ng World Trade Organization (WTO).

Ipinasa ni Duterte ang EO 128 para ibaba ang taripa sa imported na karneng baboy sa unang tatlong buwan ng bisa ng EO, at kaalinsabay damihan ang *minimum access volume* (MAV) o ang ipinataw na bolyum ayon sa WTO. Tugon daw ito sa pagsirit ng presyo ng karneng baboy na kitang kita namang dulot ng kapabayaang ng gobyernong pigilan ang pagpasok ng ASF. Nang umalma ang mga *hog raisers* dahil sa halip na suportahan ang lokal na produksyon ay pinagbantaan pa ito ng pag-iimport, ipinasa ni Duterte ang EO 134. In-*adjust* sa 5% pataas ang taripa pero sa esensya ay mas mababa pa rin sa dating 30-40 porsyento.

Samantala, naggigiit ang mga hog raisers ng danyos sa mga pinapatay na baboy ng DA sa di-siyentipikong pagharap sa epidemya ng ASF. Hindi pa

mapagbigyan ng gobyerno kahit pa idinedeklara na nito na nasa *state of clamity* ang industriya ng baboy. Gaya sa bigas, nabibigyang-diin dito ang pagkiling ng gobyernong Duterte para sa importasyon sa halip na palakasin ang lokal na agrikultura at produksyon ng pagkain.

Samakatuwid, pinatindi pa rin ng gobyernong Duterte ang neoliberalismo, at patuloy na kumakapit sa pag-iisip at sistemang ito kahit matagal na itong bangkarote. Matagal nang napatunayan na pinalala lamang ng mga patakarang liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon ang malalalim na krisis ng mahihirap na bansa katulad ng Pilipinas at maski ng mga krisis ng sobrang produksyon ng mayayamang bansa. Nagsisipag-urungan na ang ibang bansa mula sa liberalisasyon ng kanilang ekonomiya, maski ang Indonesia at India halimbawa, pero kontraryo pa rin ang obsesyon ng economic managers ng gobyernong Duterte. Sige pa rin ang pagtutulak sa mitong dayuhang pamumuhunan ang gamot para sa rekoberi at pag-unlad.

Ginawang sentrong programa ang imprastruktura – nakaakit ito ng dayuhang pamumuhuman, nakalulugod ito ng mga dayuhang negosyante laluna sa kalakalan at produksyon para sa eksport, lubhang pinapayaman nito ang pamilya ng mga lokal na oligarkiya sa ekonomiya laluna yung mga nasa real estate, at nagsisilbi ito sa agresyon ng China sa rehiyon. Higit sa lahat sa gobyerno, pinapakapal nito ang bulsa ng mga opisyal ng pamahalaan, pangunahin ang pangkating Duterte.

Ang isa pang salalayang dahilan sa pagiging maka-oligarikya at maka-dayuhan ng rehimeng Duterte ay ang pansariling interes nito na makapanatili sa poder. Ito ang gusto ni Duterte at ng kanyang pangkat at angkan, kung kaya't mas inatupag niya ang pagpapatupad ng mga mararahas at mapanupil na patakarang at batas kesa harapin ang pandemya.

## 4 Kaninong kapakinabangan ang mga hakbanging ito?

Paulit-ulit na nating nababanggit, pero dapat pa rin lagyan ng mukha.

Sa kabila ng krisis ng pandemya, namayagpag sa yaman ang pinakamalalaking negosyante. Patuloy din na nakapagwasiwas ng kapangyarihan ang mga dayuhan sa larangan ng ekonomiya at politika. Pinangasiwaan ito ng gobyernong Duterte sa pamamagitan ng mga naturang patakaran.

**Dutertegarchs.** Sa pagkakaupo ni Duterte, nangako ito na bubuwagin niya ang mga *oligarchs*. Sa kabaligtaran, nakabuo si Duterte ng sarili nitong mga kroni, mga kaibigang oligarchs na lubhang nakinabang sa liberalisadong ekonomiya. Tinatawag na “Dutertegarchs” ang mga malalaking negosyanteng nakinabang sa pagiging malapit sa administrasyon at sa mga paborableng patakaran nito. Yumaman pa nga ang mga bilyonaryong ito kahit pandemya. Kung nabawasan man ang kita nila, madali nilang mababawi ito. Sa katumayan, sila ang isinasaalang-alang ng administrasyon sa desisyon nitong muling pagbubukas ng ekonomiya.

Makikita sa listahan ng Forbes noong Marso 2020 at nitong Abril 2021 na dagling nakarekober at umangat pa ang yaman ng mga Dutertegarchs. Yumaman pa si Manuel Villar, na pangunahing nasa real estate, mula US\$5.6 bilyon na *net worth* tungong US\$7.2 bilyon. Si Enrique Razon na kilalang *ports magnate* ay yumaman mula US\$3.4 bilyon tungong US\$5 bilyon. Lumaki ang net worth ng *taipan* sa samut-saring negosyo na si Lucio Tan mula US\$1.7 bilyon tungong US\$3.3 bilyon. Pang-apat at panlimang pinakamayamang negosyante sa bansa sina Hans Sy at Herbert Sy na kapwa lumago ang net worth mula US\$2 bilyon tungong US\$3 bilyon mula sa samut-saring negosyo rin. Sina Andrew Tan, Harly Sy, Henry Sy Jr., Teresita Sy-Coson, at Elizabeth Sy ang limang sumunod na pinakamayamang negosyante. Sinusundan sila ng mga pamilyang Tan Caktiong, Ang, Zobel, Gokongwei, at Ongpin.

Ang ilang Dutertegarchs ay matingkad ang pakinabang sa panahon ni Duterte. Tampok na halimbawa ang mga Villar. Hindi lang pinakamayamang oligarch si Manny Villar, ang asawa niyang si Senator Cynthia Villar ang pinakamayaman

ding opisyal ng gobyerno na may Php3.81 bilyon net worth noong Oktubre 2020. Pangalawang pinakamayaman noon sa gabinete ang anak nilang si Mark Villar na kalihim ng Department of Public Works and Highways (DPWH), ang isa sa nangungunang ahensya para sa BBB. Samantalang Kongresista naman ng Las Piñas ang anak nilang si Camille. Sa ilalim ng gobyernong Duterte, nakapasok ang Prime Water Co. ng mga mga Villar sa 83 JVAs sa mga local water districts sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Si Enrique Razon naman ang pinakabagong boss ng Manila Water na dating pag-aari ng mga Zobel-Ayala. Pinasok ni Razon ang kompanya matapos pag-initan ni Duterte ang dalawang kompanya ng tubig dahil diumano sa milyon-milyong sinisingil nito sa gobyerno sa pagkapanalo sa arbitrasyon. Napakalaki ng pakinabang ni Razon sa BBB – bukod sa mga transportasyon, *highway*, kalsada at tulay, ports na siyang dominado ni Razon ang kalakhan ng mga proyekto. Prominente rin si Razon sa pagtugon diumano sa COVID ng gobyerno, halimbawa ang kontrobersya ng pagtatayo niya ng *vaccination site* sa dating Nayong Pilipino sa kabila ng pagtutol ng mga grupong makakalikasan. Tinatayang malaki ang magiging papel ni Razon sa Eleksyon 2022 para suportahan ang kampo ni Duterte.

Sa listahan ng Forbes noong 2019 pa lang, biglang nakapasok ang taga-Davao at malapit sa pamilyang Duterte na si Dennis Uy. Siya diumano ang may-ari ng Udenna Corporation na nasa likod ng Dito Telecommunications, ang ikatlong kompanya ng telekomunikasyon (*telco*) sa Pilipinas. Naitayo ang Dito sa pamamagitan ng konsesyong nagkakahalagang US\$5.4 bilyon sa ilalim ng Mislattel company ni Uy at ng China Telecom ng gobyerno ng China. Mula sa pagtatag ng Phoenix Petroleum noong 2002, mabilis na nakapagpalaki ng negosyo si Uy nitong nakaraang ilang taon. Isa sa pinakatampok ang pagbili nya sa *shares* ng Chevron at Shell sa Malampaya Gas Project na nagkakahalaga ng halos isang bilyong dolyar gamit diumano ang dayuhang pautang. Sa biglaang pag-angat ni Uy bilang oligarch, hindi malayong totoo ang obserbasyon na siya ay *dummy* o tauhan lang ng pamilyang Duterte.

**US at China.** Sa pagkakaupo ni Duterte, nagpostura itong tatalikod sa US, minura pa nga nya ang dating pangulo ng US na si Obama, at magje-*jetski* sa West Philippine Sea (WPS) para palayasin ang China sa teritoryo ng Pilipinas.



Sa halip, mistulang nagpapaligsahan ang US at China sa kanilang presensya at impluwensya sa bansa.

Nananahimik ang administrasyong Duterte sa panghihimasok ng China sa WPS na maituturing na paglabag sa Konstitusyonal na probisyon hinggil sa katungkulan ng Estado na protektahan ang yamang-dagat ng bansa. Hinahayaan ni Duterte ang China na maghari-harian sa ating karagatan at teritoryo, sirain ang kabuhayan ng mga mangingisda at takutin sila, wasakin ang ating likas yaman laluna ang mga rekurso sa karagatan, at yurakan ang soberanya ng bansa. Hinahayaan ng gobyerno ng Pilipinas ang paglikha ng China ng mga artipisyal na 1,280-ektaryang isla sa Spratlys Island at paglalagay ng mga pasilidad panghimpapawid at pandagat. Hinayaan lang ni Duterte ang maramihang pagkonsentra ng mga barko ng China sa Julian Felipe Reef, Panatag Shoal, at Ayungin Shoal.

Sa kabilang banda, lubhang nakinabang din ang China sa BBB. Malalaking proyekto nito sa transportasyon, enerhiya, pagmimina, dambuhalang dam, tubig at patubig. Prominente sa mga proyekto ang mga *state-owned enterprises* (SOEs) ng China tulad ng China Railway Construction Company, China Energy Engineering Corporation, Hebei Steel, at China Communications Construction Company. Ilang halimbawa ng mga *big-ticket* na proyekto ng China ang PNR South Long Haul, Mindanao Railway, Agus-Pulangi hydroelectric project, at Manila Bay Reclamation.

Tumaas ang presensya ng China sa ekonomiya. Halimbawa, ang bahagi ng China ODA sa total na ODA sa Pilipinas ay tumaas mula 0.01% noong 2016 tungong 2.73% noong 2019. Sa netong direktang pamumuhunan naman mula sa China at Hong Kong nitong nakaraang limang taon, pinakamataas ito noong 2016 na nagkakahalaga ng US\$637.8 milyon. Umabot naman sa US\$2.8 bilyon ang kabuuang utang panlabas ng bansa sa China at Hong Kong nitong Marso 2021.

Sa kabilang banda, hindi naman maputol-putol ng gobyernong Duterte ang relasyon ng Pilipinas sa US, dahil US pa rin ang pangunahing partner sa kalakalan at malaking imbestor sa ekonomiya ng Pilipinas. Higit sa lahat, mas estratehiko ang iskema ng US hindi lang sa Pilipinas kundi sa rehiyon, na pantapat sa agresyon ng China. Nasa US\$1.5 bilyon ang kabuuang *economic*

*and military aid* na galing sa US mula 2016 hanggang maagang bahagi ng 2021. Komprehensibo ang saklaw ng “ayudang” ito at ipinapakete rin sa mga sibikong serbisyo katulad ng kalusugan, *civil society*, proteksyon ng kalikasan, *conflict resolution*, kapayapaan at seguridad, enerhiya, at iba pang panlipunang serbisyo at imprastruktura. Pero ang kaibuturan nito ay kontrol sa ekonomiya, politika at militar ng Pilipinas.

Nagbanta rin si Duterte na kunwa ay tatapusin na nito ang Visiting Forces Agreement (VFA), ang kasunduang militar sa US na maaaring gamitin ng US ang buong arkipelago na parang base militar nito. Dalawang beses kunwa na na-*postpone* ang pagtatapos ng VFA, na sa huli ay nahalatang ginagawa lang ni Duterte ang banta na *bargaining chip* o suhol pa nga, para dagdagan ng US ang kanyang economic and military aid. Nakuha naman ang ilang konsesyon kung kaya’t pinalawig ang VFA ng anim pang buwan.

Sa panig ng US, mahalaga ang VFA sa istratohiyang militar nito sa rehiyon kabilang ang pagbantay sa agresyon ng China. Mayroong halos 500 *active-duty military personnel* ang US sa Pilipinas kabilang ang 300 sa Zamboanga. Patuloy din pinapatakbo ng US ang *military facilities* nito sa limang base militar ng Pilipinas.

Sa kabila ng pagda-drama ni Duterte, hindi maitatangi na malalim ang kontrol at impluwensya ng US sa Pilipinas at istratohiko ang pakinabang nito dito. Tampok ang papel ng US pagdisenyo at pagpapatupad ng Anti-Terrorism Law (ATL) sa Pilipinas. Masusi ang papel ng Department of Justice (US DOJ) at Department of Homeland Security sa paghaha ng mga mekanismo kontra-terorismo sa Pilipinas. Kabilang dito ang “*multi-year effort to advise the Philippine government in amending its counterterrorism law*” sa pamamagitan ng Office of Overseas Prosecutorial Development, Assistance, and Training (OOPDAT) sa ilalim ng US DOJ. Itinalaga rin nila ang Joint Terrorism Financial Investigations Group ng Federal Bureau of Investigation (FBI) para magpokus sa imbestigasyon laban sa terorismo at pagpipinansya ng terorismo. Ang OOPDAT ang nagsasanay sa mga Pilipinong hukom, piskal at imbestigador tungkol sa *money laundering* at pag-*freeze* at pagbawi ng mga ari-arian ng pinagbibintangang terorista. Ang problema sa ATL ng rehimeng Duterte ay ibinaling ang akusasyong terorismo sa mga komunista, aktibista at sa lahat ng mga kritiko na nanawagan ng mga reporma at pananagot sa gobyerno. Alam ng US ang kabalintunaanang ito.

**Pangkating Duterte.** Sa huli, kapakinabangan ng pangkating Duterte ang pagpapatupad nito ng patakarang neoliberal at kaakibat na awtoritarianismo. Napakalaki ng iniyaman ng kanyang mga kroni, at kung hindi man maiugnay sa sarili nitong natatagong yaman, ay masasabing hindi naging malinis sa korupsiyon ang panunungkulan ni Duterte.

Hindi na rin nag-atubili na maagang mangampanya ang kampo nito sa garapalang pagpapatakbo sa kanyang anak mismo, dahil malapit sila sa kaban ng bayan at suportang pinansyal ng mga oligarchs. Ang mistulang alalay nitong si Senator Bong Go ay sinusubukan ding pabanguhin at *i-promote* sa madla, gamit-gamit ang rekurso ng bayan. Nariyan din ang pagpapalutang ni Duterte mismo na tatakbo siya bilang bise-presidente, na tahasang paglabag sa Konstitusyon. Ang punto rito ay manatili ang pangkating Duterte sa poder nang sa gayon ay maiwasan ang pananagot sa kanila sa kapabayaan at karahasan, at nang sa gayon ay patuloy na makinabang sa pandarambong sa bayan.

## **5 Ano ang pag-asang mawakasan na ang rehimeng Duterte?**

Mahaba ang listahan ng kasalanan at pananagutan ng gobyernong Duterte sa taumbayan. Simula sa madugong giyera nito laban diumano sa droga na libo-libo ang pinatay, sa pagpapatuloy ng pahirap na mga patakarang neoliberal sa milyon-milyong mamamayan, sa pagpapabaya sa taumbayan sa gitna ng pandemya at krisis, sa pagtugis sa dumaraming aktibista at kritiko, hanggang sa pagtraydor sa bayan. Mahaba ang listahan nito sa paglabag sa karapatang pantao. Masaklaw din ang mga di-ginalaw na kaso ng korupsiyon sa ilalim ng pagka-presidente ni Duterte. Kasulasulasok isipin na sa gitna ng mga atrasong ito sa sambayanan, nagpipilit pa si Duterte na panatilihin ang awtokratikong kapangyarihan at impluwensya lampas 2022.

Mahihirapan itong burahin ang mga impresyon at katotohanang tumatak na sa mamamayan, dito man o sa ibang bansa. Halimbawa, pinangalanan ang Pilipinas na pinaka-peligrosong bansa ng Global Finance; pinaka-mapanganib para sa mga mamamahayag sa Global Impunity Index; at pinaka-delikado para sa mga tagapagtanggol ng kalikasan ng Global Witness. Basta may

pagbibigay ng negatibong pagkilala, laging nauuna ang administrasyong Duterte. Syempre, ang pinakamahalaga ay ang desisyon ng International Criminal Court o ICC na imbestigahan si Duterte sa mga krimen laban sa sangkatauhan partikular sa inilunsad nitong giyera kontra droga na nagmasaker ng mahigit 20,000 katao.

Hindi na rin maalís sa isip ng mga Pilipino at ng kanilang lumalawak na mga suporter at simpatisador sa ibang bansa ang walang-habas na paninira, *red-tagging*, at pagpatay sa mga aktibista, kritiko at ordinaryong mamamayang lumalaban sa mapagsamantala at mapaniil na sistema, na isinagawa ng administrasyong Duterte. Mula noong umupo si Duterte hanggang Hunyo 2021, ayon sa grupong Karapatan, 409 na ang kaso ng *extra-judicial killings* (EJK), kung saan 324 rito ay magsasaka.

Demolisyon, sapilitang pagpapalikas, pagpatay sa mga Lumad at katutubo, pagbomba sa mga komunidad, iligal na reyd at pagdakip, pananakit at tortyur, pagtanim ng ebidensya, at pagsampa ng gawa-gawang kaso – sadyang mahaba ang listahan. Nasa 713 na ang bilang ng mga bilanggong politikal: 487 ang inaresto sa ilalim ng gobyernong Duterte; 130 sa kanila ay kababaihan; 94 ay maysakit; 64 ang nakatatanda; at anim ang menor-de-edad. Sa haba ng listahan, hindi sasapat ang minsanang paniningil.

Ipagduduldulan ni Duterte at ng kanyang angkan, pangkat at alyado ang makapanatili sa pamumuno. Bukod sa karaniwang pagnanais ng isang naghaharing pangkatin na ingatan ang naipong yaman at poder, sa haba ng mga pananagutan ng rehimeng Duterte, sa usapin pa lang ng pagharap sa pandemya, hindi nila kakayaning bumaba sa pwesto. Sasalubungin sila ng poot ng taumbayan.

Alam ng pangkating Duterte na hindi ito magiging madali. Sa sandaling bumaba ang bisa ng kanilang kapangyarihan, mawawalan ito ng baseng suporta, na sa ngayon pa lang ay mabuway na. Hindi na rin maitatago ang baho ng korupsiyon sa ilalim ni Duterte, kung mismong ang presidente ay hindi naman nagsisiwalat ng sarili niyang listahan ng mga ari-arian, pera sa bangko at iba pang yaman. Hindi rin nito kinakayang kontrolin o idikta ang katapatan ng mga politiko na may sarili ring mga ambisyon. Oo nga at hawak nito ang kaban ng bayan para

sa eleksyon, pero may hangganan din ang bisa ng basbas ng pangkating Duterte sa mga gustong tumakbo sa 2022.

Marumi ang magiging maniobra ng administrasyong Duterte para sa 2022. Patitindihin nito ang disimpormasyon, panloloko, panunupil, at mapanlinlang na mga pakana sa politika. Palalalain nito ang paglabag sa karapatang pantao sa harap ng lumalawak na oposisyon sa kanyang paghahari. Imobilisa ng rehimeng Duterte ang matagal na niyang binusog na kapulisan at kasundaluan laban sa oposisyon at mamamayang nangangatwiran at nakikibaka para sa kanilang karapatan at sa pagwawakas ng mapang-aping rehimen.

Maghahabi ang pangkating Duterte ng kasinungalingan tungkol sa limang taon ni Duterte at tungkol sa naging tugon niya sa pandemya. Ito ang ibebenta niyang kwento, at hindi nakagugulat kung gagamitin din niya ang sitwasyon ng mabagal na pagbabakuna at pinatagal na community quarantine bilang oportunidad ng pangangampanya. Primaryang nakatutok pa rin ang mata ng publiko sa pagtugon nito sa COVID-19 at susunggaban ng pangkating Duterte, gamit ang kabang bayan, para magpakitang-gilas sa mga buwan papalapit sa eleksyon. At hanggang sa huli, mamanipulahin ng kampong Duterte ang teknolohiya para palitawin ang isang paborableng resulta.

Isinulong ni Duterte ang interes ng dayuhan at lokal na mga kapitalista, nangayupapa sa kagustuhan ng US, China at iba pang dayuhang gobyerno, at nagsabatas ng mga patakarang papabor sa kanila. Sasandig ito sa suporta ng mga ito para sa kanyang ambisyong manatili. May interes ang mga ito sa eleksyon ng Pilipinas, may pusta kumbaga, at sa kasaysayan pa nga ay masasabing may impluwensya. Pero hindi garantiya na sa kabila ng ginawa na ni Duterte ang lahat para sa kanila ay ang pangkatin pa rin niya ang mananalò. Sa kabila ng katapatan ng presidente sa neoliberalismo at sa kanyang oligarchs, walang katapatan kay Duterte ang mga oligarchs (laluna ang mga hindi napaboran ng administrasyong Duterte), dayuhang namumuhunan, US, China, at iba pa. Sa huli, lalaruin nila kung ano lang ang kapaki-pakinabang para sa kanilang mga sariling interes.

Kahit anumang gawin ng rehimeng Duterte, magiging maganit ang kagustuhan ng pananatili. Hindi sustainable ang awtoritaryanismo laban sa naipundar at naipanalo na ng mamamayan na kalayaan at demokrasya. Hindi rin sustainable ang mga maka-mayaman, maka-dayuhan at elitistang paggogobyerno sa harap ng popular na kagustuhan ng tunay na pagbabago. Hindi katanggap-tanggap ang dilim sa harap ng nasaksihan na nating samut-saring kulay ng ating pagkakaisa.

Maaaring magsabog ng kadiliman ang nangungunyapit na rehimen, pero hindi kailanman nito mapangingibabawan ang liwanag ng mapanlikha at nagkakaisang pagtatanghal ng panawagan at laban para sa lupa, sahod, trabaho, kalikasan, karapatan, hustisya, at soberanya.

Sa harap ng pinakamarahas na pagkontrol sa galaw ng populasyon, kabi-kabilaang nakapagpursige ang mga sektor at komunidad ng mga sama-samang kampanya at pagkilos. Pinatunayan at iniluwal nito ang higit pang pagkakaisa, pagkilos at tagumpay ng walang-sawang paggiit para sa adyenda ng mamamayan. Nagmamartsa ang isang sambayanan, sa kabila ng dami ng ating kagustuhan at kahilingan, na may iisang adhikaing wakasan na ang paghaharing Duterte.



